Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Bisayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Agosto 13, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 241 , s. 2018

**MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

**Para sa:** **Punong Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pansangay/Pampurok**
**Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pambribadong Elementarya, Sekundarya at Integrado**

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018, hinihikayat ang lahat na pampubliko at pambribadong paaralan sa Sangay ng Aklan na magsagawa ng mga gawaing nakabatay sa mga layunin at lingguhang paksa ng pagdiriwang.

2. Ang Sangay ng Aklan ay magkakaroon ng timpalak na isasagawa mula sa mga paaralan, purok at sangay. Ito ay ang mga sumusunod:

**A. Opisyal na timpalak ng kagawaran para sa Pabmbansang Tagisan ng Talento sa Filipino**

Antas Elementarya
- Para sa Baitang 4 - 6 : Madulang Pagkukuwento
- Para sa Baitang 6 : Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS TULA)

Antas Sekundarya (JHS)
- Para sa Baitang 7 - 10 : Interpretatibong Pagbasa

Antas Sekundarya (SHS)
- Para sa Baitang 11 -12 : Dagliang Talumpati

**B. Inirerekomendang timpalak ng Kagawaran na pinangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)**
- Para sa Baitang 6 : Iispel Mo!

**C. Inisyatibong timpalak ng Sangay ng Aklan upang pahalagahan ang katutubong wikang panlahat ng Aklan na Akeanon**
- Para sa Baitang 3 : Gabinato-bato (Ga-ispeling) Kita!

3. Ang iskedyul ng Pansangay na Tagisan ng Talento, Iispel Mo! at Gabinato-bato (Ga-ispeling) Kita! ay ipagbibigay alam sa pamamagitan ng Memorandum.

4. Ang rehistrasyon, pamasahe at iba pang gastusin ng bawat paaralan/purok sa mga gawain at kalahok sa timpalak ay kukunin mula sa MOOE/lokal na pondo ng kani-kanilang mga paaralan na mapapasailalim sa tamang regulasyon at alituntuning gumagabay sa akawnting at pagsusuri.

5. Ang bawat paaralan ng bawat purok ay inaatasang magsumite ng ulat ayon sa mga gawaing isinagawa kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Ang ulat ay dapat na *soft copy* lamang at *A4* ang sukat ng papel na gagamitin na isusumite sa email ad. na ito: tropa.marth20@yahoo.com. bago sumapit ang ika-7 ng Setyembre 2018.

6. Para sa karagdagang impormasyon hinggil dito, tumawag kay G. Marth S. Tropa, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa numero 09988618485.

7. Kalakip nito ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 129, s. 2018 at DepEd Advisory No. 135, s. 2018.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagpapatupad ng Memorandum na ito.

**SALVADOR O. OCHAVO, Jr., Ed.D, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 119 at 129, s. 2018, DepEd Advisory No. 135, s. 2018 at Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa Ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTEST
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MST

Republic of the Philippines
# Department of Education

09 AUG 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 129 , s. 2018

**MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya
At Iba pang Sakop

1. Sa Memorandum Pangkagawaran na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon Blg. 119 serye ng 2018 hinggil sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), isinasaad nito na layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
k. magganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Bilang pakikilahok sa pagdiriwang na ito, hinihikayat ang lahat ng mga pampubliko at pampribadong paaralan sa bansa na magdibuho ng mga gawaing angkla sa tema ng pagdiriwang na Filipino: Wika ng Saliksik at lingguhang paksa na nakapaloob sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119, s. 2018. Inaasahan ang pag-oorganisa ng mga panayam, presentasyon ng mga saliksik, forum, lektyur at iba pang gawain. Samantalang, nirerekomenda ang timpalak Iispel Mo! ng KWF.

3. Mahalagang nakaayon ang mga timpalak sa mga pamantayang pagganap (*performance standard*) ng kurikulum upang makita ang bisa nito. Mula sa konsultasyon sa mga panrehiyong tagamasid ng Filipino, narito ang opisyal na timpalak ng Kagawaran ng isasagawa mula sa mga paaralan, dibisyon at pangrehiyonal na programa. Samantalang, iaangkla sa timpalak ng *National Festival of Talents (NFOT)* ang pangnasyunal na timpalak nito:

| | | |
|---|---|---|
| Para sa Baitang 4 – 6 | : | Madulang Pagkukuwento |
| Para sa Baitang 6 | : | Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) |
| Para sa Baitang 7-10 (JHS) | : | Interpretatibong Pagbasa |
| Para sa Baitang 11-12 (SHS) | : | Dagliang Talumpati |

4. Ipinapaalala rin ang isinasaad ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 2018 hinggil sa kabuuang bilang ng klase.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division (BLD-TLD)**, Department of Education (DepEd) Central Office, 4th Floor Bonifacio Building, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City sa telepono: (02) 687-2948, (02) 736-2524, (02) 637-4347 o email: bld.tld@deped.gov.ph.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran (Blg. 119, s. 2018)
Kautusang Pangkagawaran (Blg. 25, s. 2018)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTEST
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

MCR/ DM Mga Gawain at Timpalak sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2018
0605/July 25, 2018

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula saBaitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED **(Visually Impaired)** na may edad **labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. | |
| | | |
| **Kategorya** | MADULANG PAGKUKUWENTO | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung (20) minute kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukodbukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

## I. Patnubay sa Kalahok

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
c) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;
d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod nakalahok ang kuwento natatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod nakalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minute kasama ang pagpasok at paglabas;
g) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrument na dadalhin at gagamitin; at
h) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

## II. Kagamitan mula saTagapag-organisa ng Paligsahan

a) Kuwentong gagamitin (isang (1) **hard copy** at isang (1) naka-**transcribe** sa **braile**);
b) Orasan, numero ng mga kalahok;
c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 6 | |
| **Kategorya** | SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5)minuto na pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks(10%) *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **50%** |
| | **Hikayat** | |
| | Dating saMadla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/Diin/ Taginting (10%) | |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuuan** | **100%** |

| | | |
|---|---|---|

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag -eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula saTagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | **Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10.** | |
| **Kategorya** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung(20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod nakalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod nakalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt**;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minute kasama ang pagpasok at paglabas;
j) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok; at
k) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

**II. Kagamitan mula saTagapag-organisa ng Paligsahan**

a. Paksang gagamitin;
b. Orasan, numero ng mga kalahok;
c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11 o 12 | |
| **Kategorya** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Anim(6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating saMadla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin(10%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog(5%) | |
| | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | **Kabuuan** | 100% |

**I. PatnubaysaKalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;

b) Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;

c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minute naman sa pagtatalumpati;

d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 | segundo | - .5 puntos |
| 31-60 | segundo | - 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | - 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at

f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

**II. Kagamitan mulasaTagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula;

b) Paksang gagamitin;

c) Orasan, numero ng kalahok;

d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at

d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at

d.2 Isang (1) silidTanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

**Paalala**:

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadgets** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area**.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

Mga kategorya, bilang ng kalahok at bilang ng tagapagsanay sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

| Kategorya | Bilang ng kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | KabuuangBilang |
|---|---|---|---|
| 1. MadulangPagkukuwento | 4 | 2 | 6 |
| 2. Sulat at Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) | 1 | 1 | 2 |
| 3. DagliangTalumpati | 1 | 1 | 2 |
| 4. InterpretatibongPagbasa | 4 | 1 | 5 |
| **Kabuuangbilang ng delegadosabawatrehiyon** | | | **15** |

**Paglilinaw:**

Sa MadulangPagkukuwento, isang (1) gurong tagapagsanay para sa SPED at isang (1) gurong tagapasanay para sa Grade 4-6

Advisory No. 135 , s. 2018
Hulyo 20, 2018
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013 this Advisory is issued for the information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO! NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magsasagawa ng Ikatlong Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! mula Hunyo hanggang Nobyembre, 2018.

Ang layunin ng paligsahan ay ang mga sumusunod:

1. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
2. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
3. mapalaganap ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

Ang maaring lumahok ay mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 17 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:


Bb. Sandor B. Abad
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson
1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
Telepono: (02) 243-9789, (02) 736-2519,
(02) 736-2525 lokal 107
Telefax: (02) 516-0326
Mobile: 0908-697-8491
Email: sandorabad1210@gmail.com
komisyonsawikangfilipino@gmail.com Website:
www.kwf.gov.ph